
1

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagsabi ng Mensaheng Nais Ipabatid ng Nabasang Babala o Paalala



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagsabi ng Mensaheng Nais Ipabatid ng Nabasang Babala o Paalala**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Aprilyn F. Kimmayong
Editor: Fe G. Buccahan, Felimendo M. Felipe
Tagasuri: Ronald T. Bergado, Jovelyn G. Catiwa
Tagaguhit: Julious A. Perucho
Tagalapat: Rozen D. Bernales, Jerson Rod A. Acosta

Tagapamahala: Benjamin D. Paragas, Octavio V. Cabasag, Romel B. Costales, Felimendo M. Felipe, Jessie L. Amin, Rizalino G. Caronan, Jorge G. Saddul, Sr., Fe G. Buccahan

**Inilimbag sa Pilipinas ng _________________________**

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagsabi ng Mensaheng Nais Ipabatid ng Nabasang Babala o Paalala

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayangitinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin.Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawasa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

**Lesson 1**

# Pagsabi ng Mensaheng Nais Ipabatid ng Nabasang Babala o Paalala

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang katulad mo na nasa unang baitang upang maisagawa ang pagsabi ng mensaheng nais ipabatid ng nabasang babala o paalala. Ang mga gawaing matatagpuan sa modyul na ito ay inaasahang makatulong sa iyo upang makapagsabi ng mensaheng nais ipabatid ng nabasang babala o paalala.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

- Pagsabi ng mensaheng nais ipabatid ng nabasang babala o paalala.

Pagkatapos ng mga Gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Makapagsasabi ng mensaheng nais ipabatid ng nabasang babala o paalala.
- Naisasagawa ang pagsabi ng mensaheng nais ipabatid ng nabasang babala o paalala nang may kagalakan.

## *Subukin*

**Gawain ng Magulang/Guro**


- Ipaliwanag sa bata ang Gawain
- Sabihin:

  -*Pag-aralan natin ang mga larawan o babala.*


  -*Sabihin mo sa akin ang mensahe ng bawat larawan.*

**Gawain ng mag-aaral**

- Pag-aralan ang bawat larawan.
- Sabihin sa magulang o guro ang mensahe nito.













## *Balikan*

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Ipaliwanag sa bata ang gawaing ito.
- Sabihin:

  -Tingnang mabuti ang bawat larawan.


  -Subukan mong bumuo ng sariling interpretasyon.

**Gawain ng Mag-aaral**

- Magbibigay ng sariling interpretasyon sa bawatlarawan sa pasalitang paraan.

Magbigay ng salita o pangungusap sa bawat larawan.

1.




2.



3. 

4. 

5. 

## *Tuklasin*

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Basahin nang malakas sa bata ang kuwento
- Maaring magtanong sa gitna ng pagkukuwento upang masiguradong naiintindihan ng bata ang kuwento

**Mga tanong**:

*Saan pumupunta ang mag-anak tuwingLinggo?*
*Ano-ano ang nakikita sa parke?*
*Ano ang nakita ni Mila sa kaniyang paglalakad?*

**Ang Mag-anak sa Parke**

Ni: Aprilyn F. Kimmayong, T-III
Inilarawan ni: Julious A. Perucho, T-I




"Yehey! Linggo na naman," ang sigaw ni Rico. Tuwing Linggo, pagkatapos ng misa ay namamasyal ang buong pamilya. At sa araw na iyon, sa parke sila mamamasyal.

Sa parke, masayang-masaya si Mila. Maraming bulaklak at iba pang pananim. Malawak ang palaruan. Maraming tao sa parke.

"Nanay, Tatay, maaari po ba akong pumaroon?", sabay turo sa palaruan.

"Sige anak, basta mag-ingat ka at huwag kang lalayo," tugon ni tatay.


Sa kaniyang paglalakad, may mga nakita siyang nakapaskil.



**Paalala:** Bawal mamitas ng mga bulaklak.




**Babala:** Bawal umakyat sa puno. Delikado.




**Babala:** Bawal ang edad 2 pababa rito. Delikado.




**Paalala:** Itapon ang mga basura dito. Paghiwalayin ang nabubulok at di-nabubulok na

Pagbalik ni Mila sa kaniyang nanay at tatay, "Nanay, ano po ba ang babala at paalala?"



"Anak, ang mga babala ay mensahe na dapat nating sundin o gawin para makaiwas tayo sa disgrasiya," ang sagot ni nanay.

"Ang paalala naman ay mensaheng dapat nating gawin at sundin para mapanatili natin ang kaayusan at kalinisan ng ating kapaligiran," ang sagot ni tatay.

"Ah, sige po nanay at tatay, susundin ko po lahat ng babala at paalala na makikita ko rito." At naglaro muli si Mila.


## Suriin

**Gawain ng Magulang/Guro**


- Gabayan ang bata sa pagsagot ng gawaing ito.Sabihin
  *-tingnan ang bawat babala na hango sa kuwento.*


**Gawain 1**

Sabihin ang mensahe ng bawat babala







**Gawain 2**


**Gawain ng Magulang/Guro**

- **Sabihin:**
  *-May mga babalang patungkol sa ating personal na kaligtasan kagaya ng pag-ingat sa baha o kuryente.*
  *-Kilalanin natin ang ilan sa mga ito.*


**Gawain ng Mag-aaral**

- Sagutin ang Gawain sa papel.


Lagyan ng tsek ang babalang nagsasabi tungkol sa iyong personal na kaligtasan.




Mag-ingat sa aso.




Mag-ingat,
malalim ang tubig.





Mag-ingat sa pag-akyat. Mataas ang hagdanan.

Bawal tumawid, delikado.



Huwag sayangin ang tubig.

Maghugas ngkamay bago kumain.

## Isaisip


***Mahalaga ang pag-alam sa mensaheng hatid ng babala o paalala. Para sa batang kagaya mo mainam na marunong kang umintindi nito para sa sariling kaligtasan.***

## *Isagawa*

**Gawain ng Magulang/Guro**

- **Maari ng direktang ipasagot sa bata ang gawaing ito.**

Pagtambalin ang larawan ng babala o paalala sa **Hanay A** sa mensahe nito sa **Hanay B**.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1.   | • Huwag mamitas ng mga bulaklak. |
| 2.   | • Huwag umakyat, delikado. |


3.




- Huwag sirain ang mga halaman.


- Huwag sayangin ang tubig.

4.




- Mag-ingat sa pag-akyat, baka madulas.

5.






- Itapon ang basura dito.


- Huwag tumawid, delikado.

## *Tayahin*


Sabihin ang kahulugan ng bawat babala o paalala.

1. 


2. 


3. 

4.



5.



# *Karagdagang Gawain*

Sagutin ang tanong sa pasalitang paraan.

1. Bakit kailangang alam natin ang kahulugan ng babala o paalala?
2. Ano ang mangyayari sa iyo kapag hindi mo naintindihan ang babalang ito?




3. Mahalaga ba sa iyo ang pag-alam ng mensahengdala ng babala? Bakit?

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin:**

1. Mag-ingat sa aso.
2. Bawal manigarilyo.
3. Mag-ingat sa pagtawid.
4. Bawal dumaan dito.
5. Bawal pumitas ng mga bulaklak.

**Balikan:**

1. Ang paaralan ay maganda.
2. Si nanay ay mapag-alaga.
3. Si Jose ay naliligo.
4. Si Nena ay matangkad.
5. Ang damit ay maganda.

**Tuklasin:**

1. Si Mila at ang kanynang pamilya.
2. Maraming bulaklak at iba pang pananim. Malawak na palaruan at maraming tao.

**Suriin:**

**Gawain 1**

1. Bawal mamitas ng bulaklak
2. Ilagay sa tamang lagayan ang basura
3. Bawal ang batang edad 2 pababa! delikado
4. Bawal umakyat sa puno

**Gawain 2:**

1. ✓
2. ✓
3. ✓
4. ✓
5. Walang tsek
6. ✓

3. Ayon kay nanay, ang babala ay mensahe na dapat nating sundin o gawin para makaiwas tayo sa disgrasiya.
4. Ayon kay tatay, ang paalala naman ay mensaheng dapat nating gawin at sundin para mapanatili ang kaayusan at kalinisan ng ating kapaligiran.

(Tanggapin ang anumang sagot ng bata na angkop sa tanong.)

5. Opo. Para po makaiwas sa disgrasiya at maging maayos ang paglalaro.

(Tanggapin ang anumang sagot ng bata na angkop sa tanong.)

**Isagawa:**

1. Huwag sayangin ang tubig.
2. Huwag mamitas ng mga bulaklak.
3. Huwag sirain ang mga halaman.
4. Huwag tumawid, delikado.
5. Mag-ingat sa pag-akyat, baka madulas.

**Tayahin:**

**Gawain 2:**

1. Mag-ingat sa aso
2. Mag-ingat sa pagbaba at pag-akyat sa hagdan
3. Maghugas ng kamay bago at matapos kumain
4. Huwag sayangin ang tubig
5. Mag-ingat! Madulas ang sahig

## *Sanggunian*

**K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum Mayo 2016,**

**pahina 6**

**Author: Aprilyn F. Kimmayong, T-3, VHSES, Maddela 1**

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph